



Republic of the Philippines
Department of Education

21 APR 2021

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. **023**, s. 2021

**WEBINAR NG ORTOGRAPIYANG PAMBANSA AT MASINOP
NA PAGSULAT PARA SA MGA EDITOR SA FILIPINO**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng mga Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampublikong Paaralan

1. Itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang libreng **Webinar ng Ortograpiyang Pambansa at Masinop na Pagsulat Para sa mga Editor sa Filipino**. Isasagawa ang isang araw na webinar (8:00 nu-4:00 nh) sa pamamagitan ng *Google Meet Apps* sa mga sumusunod na petsa:

Klaster	Petsa
Luzon	Hunyo 23, 2021
Visayas	Hulyo 6, 2021
Mindanao	Hulyo 14, 2021

2. Para sa sabayang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa at Buwan ng Kasaysayan, ipinatutupad ang KWF Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 20-18 na nagtatakda ng temang, Kasaysayan ng Wika, Wika ng Kasaysayan, Ang mga Katutubong Wika sa Maka-Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya na naglalayon na ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Pangunahing layunin ng webinar na ito na mabigyan ng pagsasanay ang mga guro, kawani, at tagapaghanda partikular ang mga editor ng mga modyul at iba pang materyal sa pagtuturo para sa pampubliko at pribadong paaralan. Ang iba pang layunin ay ang sumusunod:

- a. Mabigyan ng kaalaman ang mga editor sa Filipino hinggil sa mga tuntuning pang wika partikular ang Ortograpiyang Pambansa para sa estandardisasyon ng pagbaybay, at ang Alpabetong Filipino;
- b. Matalakay ang kahalagahan ng masinop na pagsulat sa Filipino na maaaring gabay sa pag-ecedit tungo sa intelektuwalisasyon ng wika; at
- c. Mapalakas ang ugnayan at network ng mga editor sa Filipino tungo sa maayos at nagkakaisang pagtugon sa mga isyu at suliraning pangwika at pagpapaunlad ng Filipino.

4. Inaasahan ang pagdalo sa webinar na ito ang mga editor sa Filipino ng mga modyul at mga kagamitang pampagtuturo sa mga pribado at pampublikong paaralan.

5. Para sa rehistrasyon at iba pang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kay **Dr. Miriam P. Cabila** sa email mpcabila@kwf.gov.ph o selfon bilang 0966-905-2938.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.


LEONOR MAGTOLIS BRIONES
Kalihim

Sanggunian:

W a l a

Ilalagay sa Palagiang Palatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
EMPLOYEES
LEARNING AREA, FILIPINO
SCHOOLS
SEMINARS
TEACHERS

SMMA/APA/MPC, DM Webinar sa Ortograpiyang Pambansa at KWF
0031 – Marso 17, 2021